

PAUNAWA NG REMITLY SA PAGLUTAS NG ERROR AT PAGKANSELA

Kung sa tingin mo ay nagkaroon ng error o problema sa iyong money transfer, hinihikayat kang makipag-ugnayan sa amin sa lalong madaling panahon.

- Tumawag sa amin sa 1-888-736-4859; o,
- Magpadala ng email sa us-complaints@remitle.com; o,
- Sumulat sa amin sa Remitle, Inc., attn.: Error Resolution 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101

Dapat kang makipag-ugnayan sa amin sa loob ng 180 araw mula sa petsa kung kailan namin ipinangako sa iyo na magiging available sa recipient mo ang pondo. Kapag ginawa mo ito, pakisabi sa amin ang:

1. Pangalan at email address mo;
2. Error o problema sa transfer at kung bakit sa tingin mo ay error o problema ito.
3. Pangalan ng taong tumatanggap sa pondo, at kung alam mo ang telephone number o address niya;
4. Halaga ng transfer sa dollar; at
5. Reference no. para sa transfer na nakasaad sa resibong ibinigay namin sa iyo noong panahong isinagawa ang orihinal na transaksyon.

Sa loob ng 90 araw pagkatapos mong makipag-ugnayan sa amin, aalamin namin kung nagkaroon ng error at iwawasto namin kaagad ang anumang error. Sasabihin namin sa iyo ang mga resulta sa loob ng tatlong araw ng negosyo pagkatapos makumpleto ang imbestigasyon namin. Kung pagpapasyahan naming hindi nagkaroon ng error, magpapadala kami sa iyo ng nakasulat na paliwanag. Puwede kang humiling ng mga kopya ng anumang dokumentong ginamit namin sa imbestigasyon namin.

May karapatan kang magkansela ng transfer at makakuha ng refund ng lahat ng pondong ibinayad sa amin, kabilang ang anumang fee. Para magkansela, kailangan mong makipag-ugnayan sa amin sa toll free na numero o sa email address na ipinapakita sa itaas bago kami mag-deposit ng pondo sa isang bank account o bago kolektahin ng recipient mo ang remittance.

Kapag nakipag-ugnayan ka sa amin, kailangan mong magbigay sa amin ng impormasyon para matulungan kaming tukuyin ang transfer na gusto mong kanselahin,

kabilang ang halaga at lokasyon kung saan ipinadala ang pondo. Ire-refund namin ang pera mo sa loob ng tatlong araw ng negosyo mula sa petsa kung kailan mo hiniling na magkansela ng transfer sa kundisyong hindi pa napi-pick up o nade-deposit sa account ng recipient ang pondo.